NEW YORK STATE | Homes and Community Renewal

Office of Resilient Homes and Communities

Plano ng Pagkilos ng CDBG-DR para sa Hurricane Ida

Buod ng Pagsususog 1

Kapag sinususog ng Matatatag na mga Tahanan at Komunidad (RHC, Resilient Homes and Communities) ang ilang mga detalye ukol sa pagbangon sa bagyo at mga proyekto sa katatagan na pinaplano o kasalukuyang ginagawa, nangangailangan ang Kagawaran ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod (HUD, Housing and Urban Development) ng makabuluhang pagsususog na nagdodokumento sa mga pagbabago, at ipalathala ito para sa impormasyon at tugon ng publiko.

Naglathala ang RHC ng pagsususog sa buong plano ng pagkilos sa https://stormrecovery.ny.gov/ para sa 30-araw na panahon ng pampublikong komento mula Abril 14 hanggang Mayo 14. Inabisuhan ang mga mamamayan sa pamamagitan ng mga pahayag.

Tatanggap ang Estado ng mga komento sa pamamagitan ng koreo, email, o webform sa:

Koreo: Office of Resilient Homes and Communities

60 Broad Street, 26th Floor

New York, NY 10004

Website: https://stormrecovery.ny.gov/.

Email: info@stormrecovery.ny.gov

Anumang mga update o pagbabago na ginawa sa Plano ng Pagkilos bilang tugon sa pampublikong mga komento ay malinaw na tutukuyin sa Plano. Dagdag pa, ang buod ng mga komento sa Plano o makabuluhang pagsususog, at ang katumbas na tugon nito, ay ia-upload sa DRGR kasama ng Plano ng Pagkilos.

Upang humiling ng pagsasalin ng kumpletong Pagsususog 1 sa Plano ng Pagkilos, mangyaring mag-email sa **info@stormrecovery.ny.gov**, o tumawag sa **1-844-694-7163** para sa Intsik at Ruso, o **1-855-NYS-SANDY (855-697-7263)** para sa ibang mga wika, at humiling sa kinatawan ang isang tagapagsalin. Ang pagsasalin ay ibinibigay nang libre.

Ang Pagsususog 1 sa Plano ng Pagkilos (makabuluhan) (APA 1) ay tutugon sa sumusunod na mga bagay:

A. **Ipinanukalang alokasyon ng mga pondo at Hindi Natutugunang mga Pangangailangan at mga Pagtatasa ng mga Pangangailangan sa Pagpapahupa:** Mga update upang ilarawan ang paggamit ng $26,966,000 bilang karagdagang pondo ng CDBG-DR na inilaan sa ilalim ng Batas sa Paglalaan sa 2023, na nagbibigay ng alokasyon na $23,449,000 para sa natitirang hindi natutugunang mga pangangailangan sa pagbangon mula sa epekto ng Hurricane Ida sa Estado ng New York, at $3,517,000 para sa mga pangangailangan sa pagpapahupa sa mga lugar na naapektuhan ng bagyo. Mula sa mga pondong ito, maglalaan ang Estado ng karagdagang $7.51 milyon sa Programa sa Pagbangon ng Pabahay at Pagbabalik-bayad ng Ida (IHRR, Ida Housing Recovery and

Reimbursement); $6.04 milyon sa mga Inisyatibo sa Matatag na Pabahay ng Nangungupahan (RRHI, Renters Resilient Housing Initiative); $4.04 milyon sa Inisyatibo sa Matatag na Abot-Kayang Pabahay (AHRI, Affordable Housing Resiliency Initiative (AHRI); $8.01 milyon sa Programa sa Matatag na Pamumuhunan sa pamamagitan ng Programa sa Suporta at Kapital (RISC, Resilient Investments through Support and Capital); at $1.35 milyon upang bayaran ang Administratibong mga gastos, batay sa napapanahong hindi natugunan na mga pangangailangan at mga pagtatasa ng mga pangangailangan ng pagpapahupa. Ang mga pagtatasang ito ay isinapanahon batay sa pagsusuri ng datos sa napapanahong mga gastos sa proyekto ng Pampublikong Tulong sa FEMA at nakatuon na pagsusuri ng potensyal na hindi natutugunan na pangangailangan batay sa mga binabahang residensyal na pag-aari na hindi tumatanggap ng Indibiduwal na Tulong sa FEMA at mga pangangailangan sa pagkukumpuni para sa mga apektado ng bagyo na mas mababang lebel na mga residensyal na yunit; pati na rin ang pag-follow up sa mga pangunahing stakeholder. Batay sa mga pagsusuring ito, ang pagtatantya ng Estado ng hindi natutugunang pangangailangan para sa Ida ay tumataas mula $42.4 milyon hanggang sa $58.8 milyon para sa pabahay, at mula $815,000 hanggang $5.29 milyon para sa imprastraktura. Sa pagsususog na ito, binabawasan din ng Estado ang alokasyon nito para sa Pangkalahatang Pagpaplano sa humigit-kumulang $1.29 milyon, mula $3.25 milyon hanggang $1.96 million. Ang mga pondong ito ay muling ilalaan sa Programa sa RISC, alinsunod sa bagong tuon ng Programang ito na inilarawan sa ibaba at bagong pagtatasa ng mga pangangailangan sa pagpapahupa ng Estado.

B. **Pagbabago ng Pangalan ng Tanggapan at mga sanggunian sa "ang Estado":** Inanunsyo ni Gubernador Kathy Hochul na ang Tanggapan ng Gubernador sa Pagbangon sa Bagyo (GOSR, Governor's Office of Storm Recovery) ay magiging permanenteng tanggapan sa ilalim ng bagong pangalan, ang Tanggapan sa Matatatag na mga Tahanan at Komunidad (RHC, Resilient Homes and Communities). Sa pagbabagong ito, binabago ng Estado ang anumang mga sanggunian sa "ang Tanggapan ng Gubernador sa Pagbangon sa Bagyo" o "GOSR (Governor's Office of Storm Recovery)" sa kabuuang Plano ng Pagkilos sa "Tanggapan ng Matatatag na mga Tahanan at Komunidad" o "RHC" (Resilient Homes and Communities). Nililinaw na ang mga sanggunian sa mga pagkilos na isinagawa ng "Estado" (iyon ay, "ang Estado ay"; "ang pagtatasa ng Estado ng") sa kabuuan ng Plano sa Pagkilos ay tumutukoy sa Tanggapan ng Matatatag na mga Tahanan at Komunidad (RHC, Resilient Homes and Communities) ng New York sa tungkulin nito bilang tagapangasiwa ng mga pondo ng CDBG-DR na nakalaan sa Estado ng New York bilang tugon sa Hurricane Ida.

C. **Wikang magagamit:** Ang pagdagdag ng Pranses bilang isa sa mga wika para sa mga buod ng pangunahing impormasyon at mga pagbabagong inilagay sa Plano sa Pagkilos at makabuluhang mga pagsususog, pati na rin ang impormasyon sa mga pampublikong pandinig, paano magsumite ng pampublikong komento, at paano humiling ng pagsasalin at/o ibinibay ang pagsasalin. Abiso ng pagkakaroon ng tulong sa wika sa Pranses ay isasama sa outreach ng Programa at ibang mga materyales sa aplikasyon.

D. **Pagiging karapat-dapat sa mahihinang populasyon:** Paglilinaw ng Pagbangon sa Pabahay at Pagbabalik-bayad (IHRR, Ida Housing Recovery and Reimbursement) at Inisyatibo sa Matatatag na Pabahay ng mga Umuupa (RRHI, Renters Resilient Housing Initiative) ang pagiging karapat-dapat ng aplikante upang isama ang mahihinang populasyon at makasaysayang dehadong mga miyembro ng mga protektadong uri, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga mahihirap na kaso, mga indibiduwal sa LEP, imigrante, mga punong Babae ng sambahayan na hindi kasal, LGBTQ+ na mga indibiduwal, at makasaysayang dehadong mga miyembro ng protektadong mga klase kabilang ang lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, at katayuan ng pamilya. Uunahin ang mga aplikante mula sa LMI. Sa update na ito, nililinaw ng Estado at tinutukoy kung aling mga grupo ang matuturing na karapat-dapat para sa tulong sa pamamagitan ng IHRR at RRHI, batay sa pagtatasa sa hindi natutugunang mga pangangailangan at disenyo ng programa at mga pagsisikap sa paglunsad.

E. Mga Pamantayan sa Taas: Mga paglilinaw na tatandaan ang kinakailangang mga taas para sa kritikal na mga pagkilos sa 500-taon 500-year floodplan.

F. IHRR eligible ownership documentation: Ang update upang linawin na ang mga aplikante sa IHRR ay maaaring gumamit ng alternatibong dokumentasyon bilang karagdagan sa simpleng bayad na titulo upang patunayan ang pagmamay-ari ng naapektuhang pag-aari upang limitahan ang mga hadlang sa paglahok.

G. **Pagtudla ng mga kinalalabasan ng RRHI:** Mga update upang ihanay ang Pagtudla ng mga Kinalalabasan (Projection of Outcomes) para sa mga Inisyatibo sa Matatatag na Pabahay ng Nangungupahan (RRHI, Renters

Resilient Housing Initiative) kasama ng mga pagtatantya ng Estado ng aktuwal na mga benepisyaryo. Batay sa kasalukuyang mga budget, inaahasan ng Estado na maglilingkod ang RRHI sa 530 nangungupahan.

H. **Paglalarawan sa Programa sa RISC:** Binabago ng Estado ang Programa sa Matatatag na Pamumuhunan sa pamamagitan ng Suporta at Kapital (RISC, Resilient Investments through Support and Capital) upang ituon ang Programa sa Tulong sa pagkumpleto ng mga karapat-dapat na gawain sa Pagpaplano upang matugunan ang layunin nito na papakinabangan ang ibang mga mapagkukunan ng pondo upang mapabuti ang pampublikong mga pasilidad, imprastraktura at matatag na komunidad.